ISSN: 0117 - 4932

Remate

ANG DIARYO NG MASA

MIYERKULES, MAYO 21, 2003 ▸ TAON 11 ▸ BLG. 360 P6.00



Baho sa PPA pasisingawin sa Kongreso

SOLONS DIDIIN SA PAGSIBAK KAY CUSI

MAGING ang ilang miyembro ng Kongreso ay naniniwalang dapat lang na imbestigahan ang napabalitang/ PAHINA 2

1 PANG

SOLONS DIDIIN SA PAGSIBAK ... PAHINA 1

mga maanomalyang transaksiyon sa Philippine Ports Authority at kung may sapat na basehan ay sila mismo ang hihiling ay Pangulong Gloria Arroyo na agarang sibakin ang general manager nitong si Alfonso Cusi.

Sa interbyu ng Remate, sinabi ng ilang kongresista na hindi dapat ipagwalang bahala ang mga transaksiyong pinasukan ng PPA sa pamumuno ni Cusi dahil sa mariing akusasyon na nababalutan umano ang mga ito ng katiwalian.

Ayon sa mga kongresista, pasisingawin nila ang mga baho sa PPA sa pamamagitan ng isang masusi at totohanang congressional investigation upang masawata ang sinasabing mga katiwalian sa naturang tanggapan kung maypoo man.

Ang pag-imbestiga sa mga anomalya sa PPA ay gagawin sa oras na makumpleto ng mga complainant ang dokumento at pruweba ng sinasabing maanomalyang mga transaksiyon ng general manager nitong si Cusi.

"Walang rason si Pangulong Arroyo na panatilihin si Cusi sa puwesto sa oras na mapasingaw na namin ang mga baho sa PPA," pahayag ng isang kongresista sa Mindanao na nakiusap na huwag munang banggitin ang kanyang pangalan.

Matatandaang nananawagan kay Pangulong Gloria Arroyo ang consumers complaint firm para agarang masibak si Cusi habang ikinakasa ng Ombudsman ang kasong plunder dito dahil sa nasabing mga maanomalyang transaksiyon.

Ayon sa sinumpaang salaysay ng mga kinatawan ng consumers complaint firm, nilabag umano ni Cusi at ilang kasabwat nito ang batas sa malawakang pandaram-

bong o plunder at ang batas laban sa mga nangungurakot sa gobyerno nang pasukin nito ang ilang kasunduan na ikinalugi ng PPA, isang ahensiya ng gobyerno.

Ibinulgar nina Ariel Lim at Vicente Gambino, mga kinatawan ng consumers complain firm, na noong Mayo 31 ng kasalukuyang taon ay sumang-ayon si Cusi at mga kakutsaba nito na aregluhin sa labas ng korte ang isang reklamo laban sa PPA kapalit ng halagang doble umano sa hinihingi ng mga nagreklamo.

Labis na nagtataka ang grupo nina Lim kung bakit binayaran ng grupo ni Cusi ng P44 milyon ang Blue Crown Marine and Hydro Services samantalang humihingi lamang ito, batay sa inihaing reklamo sa hukuman, ng P20.4 milyon para sa danyos at iba pang bayarin.

Ang Blue Crown ay isang private company na naunang binigyan ng kontrata ng PPA upang mangasiwa sa distribusyon ng tubig sa buong lugar na sakop ng PPA sa North Harbor sa Maynila.

Naudlot ang kontrata ng nasabing kompanya nang magkaroon ng sigalot sa pagitan ng ilang taga-PPA at ng Blue Crown hanggang sa maghabla sa korte ang huli dahil hindi umano tumupad sa kontrata ang pamunuan ng PPA.

Sa reklamo sa korte ay humingi ng mahigit P20 milyon ang Blue Crown bilang kabayaran sa umano'y perwisyong dulot ng hindi pagtupad sa kontrata ng PPA.

NENET VILLAFANIA